# Sa mga nagnanais na mag-aral ng wikang Hapon

Maraming dayuhan ang naninirahan sa Ehime Prefecture.

Ang Ehime Prefecture International Association ay nagpaplano na magdaos ng online na mga klase upang suportahan ang mga dayuhan na nag-aaral ng wikang Hapon.

Mahirap mag-aral ng wikang Hapon nang mag-isa. Mahirap umunlad kapag wala masyadong pagkakataon na makapagsalita ng wikang Hapon.

Sa klase, maaari kang makipag-usap hindi lamang sa guro, kundi pati na rin sa ibang dayuhan at mga Hapones na naninirahan dito.

Ang mga sasali na makakadalo sa karamihan ng mga klase o may "good attendance" ay tatanggap ng Sertipiko ng Pagkumpleto (o Certificate of Completion) mula sa Asosasyon.

Magkita-kita tayo online at mag-usap sa wikang Hapon!

**!! Mahalaga !!**

Basahin nang mabuti ang mga punto mula 1 hanggang 5 sa ibaba.

Magtuon ng pansin lalo na sa pangatlong (3) punto. Tanging ang mga maaring sumali o eligible na sumali ang maaaring dumalo.

Lahat ng mga kinakailangang kahilingan o requirement ay natupad. → Maaring magparehistro o magsign-up.

Ipapaliwanag namin sa mga tao sa inyong kompanya.

Maaring rin kaming makipagkita sa inyo.

(Tatanungin namin kung paano kayo kasalukuyang nag-aaral ng wikang Hapon.)

Ang mga kinakailangang kahilingan o requirement ay hindi natupad. → Sa kasamaang-palad, hindi kayo maaaring sumali sa klase.

## 1. Klase ng Wikang Hapon

a) Panahon

Mula ika-27 ng Agosto hanggang ika-17 ng Disyembre 2023.

Sa loob ng apat na buwan, magkakaroon ng 12 klase sa pag-aaral ng wikang Hapon.

Magkakaroon rin ng 4 na mga pagpapalitan ng karanasan (o exchange meeting) o iba pang mga extracurricular na gawain.

b) Iskedyul (Tentatibo)

Lahat ng mga klase ay gaganapin tuwing Linggo.

| Buwan | Araw | Mga Gawain |
|---|---|---|
| 8月 | 27日 | Oriyentasyon |
| 9月 | 3日、10日、17日、24日 | |
| 10月 | 1日、8日、15日、22日、29日 | 29日：Interbyu tungkol sa klase (Ang isa ay para sa exchange meeting)* |
| 11月 | 5日、12日、19日、26日 | (Ang isa ay para sa exchange meeting)* |
| 12月 | 3日、10日、17日 | 17日：Online na exchange meeting |

*Mga extracurricular na gawain na nakatakdang gawin sa Oktubre o Nobyembre

(Hindi pa napapagkasunduan ang petsa at oras)

Ang plano ay magkaroon ng exchange meeting sa mga kasali sa klase at mga Hapones na naninirahan sa lugar.

c) Haba ng mga klase

Ang klase ay gaganapin sa gabi, ngunit hindi pa napagkasunduan ang oras ng simula.

Ang klase ay tatagal ng 70 minuto.

Ang exchange meeting ay nakatakdang gawin sa tanghali ng isa sa mga Linggo.


## 2. Paano sumali

Gagamit kami ng online meeting platform tulad ng Zoom. Ang Zoom ay isang online na platform na nagbibigay-daan sa mga taong malayo para makita at makausap ang isa't isa.

Kayo ay mag-aaral kasama ang mga dayuhang naninirahan sa ibang lugar. May mga pagkakataon rin na kayo ay makikipag-usap ka sa mga Hapones na naninirahan dito.

*Ang mga klase ay iirekord bilang sanggunian ng mga susunod na mga klase sa wikang Hapon sa hinaharap.

(Referensya: mga nakaraang klase)






## 3. Mga maaring sumali o eligible na sumali

Ang sinumang nakatupad sa lahat ng mga kahilingan o requirement sa ibaba ay maaaring sumali.

a) Mayroong smartphone o tablet device

b) Nakakagamit ng Wi-Fi

*Ang bilis ng internet ay ang dami ng data na dumadating sa iyong computer o smartphone sa loob ng isang segundo. Ang bilis ng iyong internet ay ay dapat nasa 5Mbps o mas mabilis para sa pag-upload at 1.5Mbps o mas mabilis para sa pag-download. Maaari mong sukatin ang bilis ng iyong internet sa website na ito: https://fast.com/

c) Nakakagamit ng Facebook

d) Maaari at kayang dumalo ng hindi bababa sa 8 beses (70%)

4. Bayad

a) Ang pagsali ay libre.

b) Kailangan mong bayaran ang gastusin sa kuryente para sa paggamit ng smartphone/tablet device.

* Maaring ang inyong kompanya ang nagbabayad ng kuryente sa inyong bahay o dormitoryo. Mangyaring kumpirmahin kung ito ay ang iyong kaso.

5. Bago at Pagkatapos ng Klase (Tentatibo):

Gagamit kami ng mga online na platform tulad ng Zoom.

Ang Zoom ay isang online na platform na nagbibigay-daan sa mga taong malayo para makita at makausap ang isa't isa. Ang sinumang gagamit ng smartphone o tablet device ay dapat mag-download ng app bago magsimula ang mga klase.

a) Bago Magsimula ang mga Klase: Linggo ng Gabi, Agosto 27 (Tentatibo)

Gaganapin ang isang oriyentasyon upang tiyakin na walang may problema sa koneksyon sa internet.

Ang lahat ng mga mag-aaral sa klase ay dadalo.

b) Habang Dumadalo sa Klase: Linggo ng Gabi, Oktubre 29 (Tentatibo)

Kami ay mag-iinterbyu sa inyo tungkol sa klase, at makikipag-usap din kami sa ibang mga tao sa ibang klase.

c) Pagkatapos ng mga Klase: Linggo ng Gabi, Disyembre 17 (Tentatibo)

Lahat ng mga dumalo at ang kanilang guro ay makakapag-usap nang malaya.

Pag-uusapan natin ang mga magagandang bagay tungkol sa klase at ang inyong mga layunin sa hinaharap.

Nabasa mo ba lahat ng mga punto na nakalista sa itaas?

Kung nabasa mo na at nais mong magparehistro at sumali, mangyaring gawin ito sa pamamagitan ng QR code.

Mangyaring mag-apply bago ang ika-31 ng Hulyo.

https://docs.google.com/forms/d/e/1FAIpQLSfiPUk6F0uPuWpFahXhfVyNfd0LlajTcctuEYSZz2hv6N8csA/viewform?fbclid=IwAR1xMJICjSdlxdHjknuE82ITmr6FyjjZK0Y4ZcuYtjii_pM-iLEio2fGrMw